

May 16, 2014

PISA DECLARATION

SA

PAGBUO NG PATAKARAN PARA SA MAPAGKUKUNAN NG GREY LITERATURE

Panimula

Ang yaman ng kaalaman at impormasyon ay nagagawa sa pamamagitan ng mga organisasyon, pamahalaan at industriya na sumasakop sa isang malawak na disiplina at larangan ng propesyon, na hindi kinokontrol ng komersyal na paglilimbag. Itong mga publikasyon, datos at mga materyales na kilala bilang *grey literature* ay mahalagang mapagkukunan ng *scholarly communication*, pananaliksik at paggawa ng patakaran sa komersyo, industriya at sa pagsasagawa ng propesyon at lipunang sibil. Ang *grey literature* ay kinikilala bilang isang pangunahing mapagkukunan ng katibayan, argumento, inobasyon at pag-unawa sa maraming disiplina, kasama na ang agham, inhinyeriya, kalusugan, agham panlipunan, edukasyon, mga sining at humanidades.

Kabilang sa mga uri ng mga dokumentong pang-*grey literature* na nakalimbag o nasa *electronic na format* ay ang mga: pananaliksik, ulat teknikal, pagtatagubilin at pagrerepaso, pagsusuri, papeles pangtrabaho, papeles pangpupulong, tisis or disertasyon at *multimedia*, na kumakatawan sa mahalaga at makabuluhang bahagi ng pananaliksik at impormasyon.

Upang matupad ang mga benepisyo ng pananaliksik at impormasyon para sa pag-aaral, pamahalaan, lipunang sibil, edukasyon at ekonomiya, Kami, ang mga lumagda sa deklarasyon na ito, ay nananawagan sa mga pamahalaan, akademiya at lahat ng mga *stakeholders* para sa mataas na pagkilala sa tungkulin at halaga ng *grey literature*, lalo na ang halaga nito para sa bukas na pag-access sa pananaliksik, *open science*, inobasyon at patakarang batay sa katibayan at pagsasalin ng kaalaman.

Upang matamo ang buong benepisyo ng *grey literature* sa lokal, pambansa at pandaigdigang komunidad, kami ay nananawagan at nanghihimok para sa mga sumusunod:

Pang-organisasyon


1. Mas higit na pagpapalaganap sa *open access* ng mga pamahalaan at mga organisasyon.
2. Mas higit na kooperasyon at koordinasyon ng mga organisasyon sa produksyon, paggamit, koleksyon at pamamahala ng *grey literature*.
3. Ang paggamit ng *persistent identifiers* at *open access metadata standards* para sa *grey literature*.

Pananaliksik/Edukasyon

4. Ang pagkilala at paggagantimpala sa kalidad na *grey literature* mula sa mga pamahalaan, unibersidad at ibang institusyon.
5. Mas pinagbuting pamantayan sa produksyon at kontrol pang-bibliyograpiya ng *grey literature*.

GreyNet

Grey Literature Network Service



May 16, 2014

PISA DECLARATION

SA

PAGBUO NG PATAKARAN PARA SA MAPAGKUKUNAN NG GREY LITERATURE

6. Pagbuo at pagpapatupad ng *interoperable standards* sa pamamahala ng *grey literature*.
7. Pagbuo ng mga kasanayang *good practice* para sa produksyon, pagpapalaganap at pagsusuri ng *grey literature*.

Pambatas

8. Pagbabago sa legal na deposito at *copyright law* na magpapahusay sa kakayahan ng mga aklatan, institusyong pang-akademiko at mga programang mangangalap at magbibigay daan sa *grey literature*, lalo pa ang di pang-komersyal na materyales na pampublikong interes.
9. Pagtugon sa mga legal na balakid sa pagpapalaganap ng *grey literature*.
10. Pagsulong sa paglilisensya ng *grey content* para sa mga layuning pang-komersyal at di pang-komersyal.

Pampinansyal

11. Pagkilala sa mga magagamit na pagpopondo para sa pananaliksik na may kinalaman sa *grey literature*.
12. Higit na suporta para sa pag-unlad ng koleksyon at pangmatagalang pangangalaga ng *grey literature*.
13. Higit na pamumuhunan sa imprastraktura at bagong teknolohiya para sa pag-access at paggamit ng nakalimbag at *digital na grey literature*.

Teknikal

14. Mga stratehiya para harapin ang mga luma na o maling *links* para mas mapadali at maging hindi pabago-bago ang paggamit ng *online content*.
15. Mga sistema para sa pag-link ng *data* at iba pang *non-textual content* sa mga publikasyong *grey literature*, kasama na ang pamantayang *interoperability* sa pagbabahagi ng *grey literature*.

Isinalin sa Tagalog ni: Iris Operario